# MAKABAGO SA ISLAM (PART 2 OF 2): ITO BA AY BIDAH?

**Marka:** 5.0

**Deskripsyon:** Ang pagpapatuloy ng pamamaraan upang makilala o matukoy ang bidah na gawain at paniniwala, ang maikling listahan ng karaniwang bidah at ang mga kawikaan ng mga pantas ukol sa "Mabuting Bidah".

**Kategorya:**
Mga Aral › Mga Islamikong Paniniwala › Pakikitungo sa mga Sektang Iniuugnay sa Islam

**Kategorya:**
Mga Aral › Pakikipag-ugnayang Lipunan › Pakikitungo sa mga Sektang Iniuugnay sa Islam

**Ni:** Aisha Stacey (© 2013 NewMuslims.com)

**Nai-publish sa:** 17 Apr 2018

**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Mga Layunin:

·Upang makilala ang isang *bidah.*

·Upang malaman ang ilang mga karaniwang *bidah* at maidagdag sa listahan.

·Upang malaman ang opinyon ng ilang iginagalang na mga iskolar.

Mga Terminolohiyang Arabik:

·*Deen* - ang panuntunan ng pamumuhay batay sa kapahayagan ng Islam; ang kabuuan ng pananampalataya at gawain ng isang Muslim. Ang Deen ay madalas na ginagamit bilang pantukoy sa pananampalataya, o ang relihiyong Islam.

·Eid - Pista o pagdiriwang. Ipinagdiriwang ng mga Muslim ang dalawang pangunahing relihiyosong pista, na kilala bilang *Eid-ul-Fitr* (Na ipinagdiriwang pagkalipas ng buwan ng Ramadhan) at *Eid-ul-Adha* (Na ipinagdiriwang sa panahon ng Hajj).

·*Eid ul-Adha* - “Pista ng pag-alay ng sakripisyo (Katay)".

·*Hajj* - Ang paglalakbay tungo sa banal na lugar ng Makka kung saan ang mga manlalakbay ay nagsasagawa ng isang hanay ng mga takdang ritwal. Ang *Hajj* ay isa sa limang haligi ng Islam, na obligadong isagawa ng bawat may sapat na gulang na Muslim ng hindi bababa ng isang beses sa kanilang tanang buhay kung may kakayanan silang pinansiyal at pisikal.

·*Itikaf* - ang pananatili sa loob ng *masjid* na may layuning maging mas mapalapit pa sa Allah.

·*Ramadan* - Ang ikasiyam na buwan ng Islamikong kalendaryong lunar. Ito ang buwan kung saan ang obligadong pag-aayuno ay ini-atas sa mga mananampalataya.


·*Shaban* - ang tawag sa ika-walong buwan ng Islamikong Kalendaryong lunar.

·*Shirk* – Salitang nagpapahiwatig ng pagtatambal sa Allah, o nagpapahiwatig ng katangiang banal maliban sa Allah, o paniniwala na ang lakas kapangyarihan, pinsala, at pagpapala ay nagmumula sa iba bukod sa Allah

·*Sunnah* - Ang katagang *Sunnah* ay may iba't ibang pagpapakahulugan batay sa larangan ng pag-aaral, gayunpaman ang kahulugan na karaniwang pinaniniwalaan o tinatanggap, anumang iniulat na sinabi, ginawa, at sinang-ayunan ng Propeta.

# Paano natin malalaman kung ang gawaing pagsamba ay tunay na gawaing *bidah*?

## 3. Bilang ng pagsamba:



Isa sa mga paraan upang matukoy natin ang pagkakaiba sa pagitan ng isang *Sunnah* at isang *bidah* ay batay sa dami ng bilang ng pagsamba. Kung ang isang tao ay nagpasyang magdasal ng limang *rakah* para sa *salah* ng *dhuhr* tunay na ito ay b*idah.* Batid natin na ang dasal na ito ay binubuo ng apat na unit o rakah; ito ang siyang isinabatas at itinakda at ang pagpapakilala ng karagdagang unit o *rakah* ay maituturing na makabago, *bid'ah.*

## 4.Pamamaraan ng pasasagawa ng pagsamba:

Isa pang paraan upang matukoy natin ang kaibahan ng anumang nagmumula sa Quran at *Sunnah* at nang *Bid'ah* ay sa pamamagitan ng pagsuri ng pamamaraan ng pagsasagawa. Yaon ay kung paano natin isinasagawa ang gawaing pagsamba, ito ba ay naaayon sa kung paano ito itinuro ng Islam, o tayo ba'y nagmalabis sa hangganan at nagdagdag ng anuman sa relihiyon na kung saan ay ginawang ganap na. Ang halimbawa nito ay ang pagsasagawa ng takdang paghuhugas o *wudhu* bago ang pagdarasal nang mali ang pagkakasunod sunod, tulad ng pasisimula sa paghuhugas ng paa sa halip na ito ay sa pagtatapos.

## 5.Takdang Oras ng Pagsamba:

Ang takdang oras kung kailan isinasagawa ang gawaing pagsamba ay mahalaga rin. Kung ang pagsamba ay isinagawa ayun sa turo ni Propeta Muhammad at sa takdang oras nito, samakatuwid ito ay tunay na makapagpapalugod sa ating Tagapaglikha. Datapwa't kung ang isang tao ay kanyang tangkain na baguhin ang tiyak na oras, samakatuwid, ang taong yaon ay nahuhulog sa kasalanan ng *bidah*. Halimbawa, ang pag-aalay (Pagkatay) ng tupa sa buwan ng *Ramadhan* na may layuning paghahangad ng gantimpala tulad ng gantimpala ng pag-aalay (pagkatay) ng tupa sa panahon ng *Eid*

*ul-Adha*, samaktuwid ito ay maituturing na makabago o *bidah.*

### 6.Lugar ng Pagdarausan ng Pagdarasal:

Ang lugar kung saan isasagawa ang gawaing pagsamba ay marapat ding naaayon sa kung anu ang itinakda o isinabatas. Kapag, halimbawa ang isang tao ay magsasagawa ng *Itikaf* sa kanyang tahanan, katunayang ito ay hindi katanggap tanggap. Ang lugar na marapat pagdausan ng *Itikaf* ay ang *Masjid,* kaya't ang pagsasagawa nito sa kahit saang lugar maliban sa *masjid* ay maituturing na *bidah.*

## Ang Talaan ng mga karaniwan at laganap na Makabago o *Bidah*

·Paghahangad ng tulong mula sa patay sa libingan.

·Pag-upo ng sama-sama at pagbigkas ng mga salitang naglalaman ng pag-alaala sa Allah, tulad ng *Allahu Akbar* ng sabay-sabay.

·Pagturing sa araw ng kapanganakan ng Propeta bilang isang Pista.

·Pag-ayuno sa ika labing limang araw ng Islamikong buwan ng *Shaban* at paggugol sa gabi nito sa pamamagitan ng pagsamba.

·Pagdiriwang para sa kaarawan ni Propeta Muhammad sumakanya nawa ang habag at pagpapala ng Allah.

·Pagbasa ng Quran upang makinabang ang patay (kasama na dito ang pagkuha ng tagabasa ng Quran).

·Paghaplos ng tubig sa batok sa tuwing nagsasagawa ng takdang paghuhugas o ablusyon.

·Paghahanda ng namatayan ng pagkain para sa mga bumibisita.

## Anu ang “Mabuting *bidah*”?

May mga pagkakataon na makakarinig kayo ng isang bagay na kung tawagin ay ‘mabuting *bidah*’. Ayon kay Sheikh Ibn Uthaymeen, sumakanya nawa ang habag ng Allah, “… Walang ganoong bagay sa Islam (sa relihiyosong pagkaunawa) bilang mabuting *bidah*.”[1] Ang Sheikh ay nagbigay-diin din na “…tungkol sa karaniwang usapin sa kaugalian at asal, ito ay hindi matatawag na *bidah* (makabago) sa Islam, kahit na ito ay maaring ilarawan bilang ganoon sa alituntuning pang wika. Ngunit ito'y hindi *bidah* (makabago) sa relihiyosong pagkaunawa, at hindi ito ang mga bagay kung saan tayo ay binalaan ng Propeta laban dito ”. Bilang karagdagan sa mga nabanggit, ang pantas ng Islam na si Imam Ibn Rajab[2] ay nagsabi “anumang salita mula sa mga

naunang matutuwid na mananampalataya na nagtuturing sa isang bagay bilang mabuting *bidah* ay tumutukoy sa lingguwistikong pagkaunawa at hindi sa islamikong pagkaunawa".

Sa pagtatapos, ang *bidah* ay isang makabagong gawagawa na paniniwala at gawa sa Relihiyong Islam kung saan ang mapalapit sa Allah ang hangad mula rito ngunit wala itong matibay na patunay mula sa mapananaligang katibayan sa alinman sa pundasyon nito o sa pamamaraang ito ay isinasagawa.[3]

---

Talababa:

[1] Majmoo' Fataawa Ibn 'Uthaymeen, vol. 2, p. 291

[2] Si Ibn Rajab ay isang kilalang pantas noong ikaanim na siglo CE, mahusay sa maraming mga larangan ng Islam kabilang ang *tafsir, hadith* at *fiqh.*

[3] Ang kahulugan na ito ay hango mula sa Makabago sa liwanag ng Kaganapan ng Shariah ni Sheikh Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen.

Ang web address ng artikulong ito:

https://www.newmuslims.com/tl/articles/211/makabago-sa-islam-part-2

Copyright © 2011 - 2023 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.